# Ang Salita Ng Diyos Ay Dumating sa Propetang William Marrion Branham

## “Damputin Mo Ang Iyong Panulat At Sumulat”

*Isang gabi habang hinahanap ko ang Panginoon, ay sinabi ng Banal na Espiritu sa akin na damputin ang aking panulat at sumulat. Habang hawak ko ang panulat upang sumulat, ibinigay sa akin ng Kaniyang Espiritu ang isang mensahe para sa iglesya. Nais kong ihatid iyon sa inyo. . .Iyon ay may kinalaman sa Salita at sa nobya.*

“Heto ang Aking sinisikap na sabihin sa iyo. Ang batas ng pagpaparami ay ang bawat uri ay mamunga ayon sa sariling uri nito, samakatuwid baga’y ayon sa Gen. 1:11, “At sinabi ng Dios, Sibulan ang lupa ng damo, pananim na nagkakabinhi, at punong kahoy na namumunga ayon sa kanyang pagkakahoy, na taglay ang kanyang binhi, sa ibabaw ng lupa: at nagkagayon.” Anomang buhay ang naroon sa binhi ay tutubong isang halaman at mula roon ay isang bunga. Ang mismong gayon ding batas ay ginagamit sa iglesya ngayon. Anomang binhi ang nagpasimula sa iglesya ay tutubo at magiging tulad ng orihinal na binhi dahil sa iyon ay ang siya

ring binhi. Sa mga huling araw na ito ang tunay na Nobyang Iglesya (binhi ni Cristo) ay darating sa Pangulong-bato, at siya'y magiging ang napakahusay na iglesya, isang napakahusay na lipi, habang siya'y papalapit sa Kaniya. Silang mga nasa nobya ay magiging katulad na katulad Niya na sila pa nga ay magiging nasa Kaniyang mismong larawan. Ito ay upang papag-isahin sa Kaniya. Sila ay magiging isa. Sila ay magiging ang pinaka kapahayagan ng Salita ng buhay na Diyos. Ang mga denominasyon ay hindi makapamumunga nito (maling binhi). Kanilang ibubunga ang kanilang mga kredo at kanilang mga dogma, na inihalo sa Salita. Ang paghahalu-halong ito ay namumunga ng isang mistisong produkto.

Ang unang anak (Adam) ay ang binigkas na binhi-Salita ng Diyos. Siya ay binigyan ng isang nobya upang muling pamungahin ang kanyang sarili. Iyan ang dahilan kung bakit ang nobya ay ibinigay sa kanya, upang pamungahin ang kanyang sarili; upang magbunga ng isa pang anak ng Diyos. Ngunit siya'y nahulog. Siya'y nahulog sa pamamagitan ng paghahalo. Siya ang nagdulot sa kanya upang mamatay.

Ang ikalawang Anak (Jesus), na isa ring binigkas na Binhing-Salita ng Diyos ay binigyan

ng nobya tulad ng ginawa kay Adam. Ngunit bago Niya siya mapakasalan, siya rin ay nahulog na. Siya, gaya ng asawa ni Adam, ay sinubok kung sasampalatayanan ba niya ang Salita ng Diyos at mabubuhay, o pag–aalinlanganan ang Salita at mamamatay. Siya'y nag–alinlangan. Iniwan niya ang Salita. Siya'y namatay.

Mula sa isang munting grupo ng tunay na binhi ng Salita, ay hahandugan ng Diyos si Cristo ng isang sinisintang nobya. Siya ay isang birhen sa Kaniyang Salita. Siya ay isang birhen sapagkat wala siyang alam na mga kredo o mga dogmang gawa ng tao. Batay at sa pamamagitan ng mga kasapi ng nobya ay maisasakatuparan ang lahat ng ipinangako ng Diyos upang magawang mahayag sa birhen.

Ang salita ng pangako ay dumating sa birheng si Maria. Ngunit ang Salitang iyon ng pangako ay Siya, Siya Mismo, upang magawang mahayag. Ang Diyos ay nahayag. Siya, Siya Mismo, ay kumilos sa pagkakataong iyon at tinupad ang Kaniyang sariling Salita ng pangako sa pamamagitan ng birhen. Isang anghel ang naghatid sa kanya ng mensahe. Ngunit ang mensahe ng anghel ay ang Salita ng Diyos. Isa. 9:6. Tinupad Niya sa pagkakataon na iyon

ang lahat ng nakasulat tungkol sa Kaniya sapagkat tinanggap niya ang Kaniyang Salita sa kanya.

Iibigin Siya ng mga kasapi ng birheng nobya, at tataglayin nila ang Kaniyang mga potensiyal, sapagkat Siya ang kanilang pangulo, at lahat ng kapangyarihan ay pag-aari Niya. Sila ay nakapasailalim sa Kaniya gaya ng ang mga bahagi ng ating mga katawan ay nakapasailalim sa ating mga ulo.

Pansinin ang pagkakaisa ng Ama at ng Anak. Si Jesus ay hindi gumawa kailanman ng anomang bagay hanggang sa ipakita muna sa Kaniya ng Ama. Juan 5:19. Ang pagkakaisang ito ay lilitaw na ngayon sa pagitan ng Nobyo at ng Kaniyang nobya. Ipinapakita Niya sa kanya ang Kaniyang Salita ng buhay. Tinatanggap niya iyon. Tunay na hindi niya iyon pinag-aalinlanganan. Sa gayon, ay walang makapananakit sa kanya, kahit kamatayan pa. Sapagkat kung ang binhi ay itatanim, ay patutubuing muli iyon ng tubig. Narito ang lihim nito. Ang Salita ay nasa nobya (gaya rin naman noon kay Maria). Taglay ng nobya ang pag-iisip ni Cristo sapagkat nalalaman niya kung ano ang nais Niyang gawin sa Salita. Isinasagawa niya ang kautusan ng Salita sa Kaniyang pangalan pagkat taglay niya ang

"ganito ang sabi ng Panginoon." Pagkapos ang Salita ay binigyang-buhay ng Espiritu at ito ay nagaganap. Tulad ng isang binhing itinanim at dinilig, ito'y umaabot sa ganap na pag-aani, ginagamit ang layunin nito.

Yaong mga nasa nobya ay gumagawa lamang ng Kaniyang kalooban. Walang makapagpapapagawa sa kanila ng iba. Mayroon silang 'ganito ang sabi ng Panginoon' o sila'y nananatiling tahimik. Nalalaman nilang kinakailangang ang Diyos ang nasa kanila na gumagawa ng mga gawa, tinutupad ang Kaniyang sariling Salita. Hindi Niya ginanap ang lahat ng Kaniyang gawa habang nasa Kaniyang makalupang ministeryo kaya ngayo'y gumagawa na Siya sa at sa pamamagitan ng nobya. Alam niya iyan, sapagkat hindi pa oras para sa Kaniya ang gumawa ng mga bagay na kinakailangan Niyang gawin ngayon. Ngunit tutuparin na Niya ngayon sa pamamagitan ng nobya ang gawang iyon na Kaniyang iniwan para sa tiyak na panahong ito.

Ngayon tayo'y magsitindig na tulad nina Josue at Caleb. Ang ating lupang pangako ay malapit nang makita gaya ng sa kanila noon. Ngayon ang ibig sabihin ng Josue ay "Jehovang Tagapagligtas", at ikinakatawan niya ang pinuno

sa huling panahon na darating sa iglesya gaya rin nang dumating si Pablo bilang orihinal na pinuno. Si Caleb ay kumakatawan doon sa mga nanatiling tapat kay Josue. Alalahanin, pinasimulan ng Diyos ang Israel bilang isang birhen sa Kaniyang Salita. Ngunit nagnanais sila ng bagay na kakaiba. Gayon din ang ginawa ng iglesya sa huling araw. Pansinin kung papaano di–pinakilos ng Diyos ang Israel, o pinahintulutan siyang makapasok sa lupang pangako hanggang sa ito ay maging sa Kaniyang sariling itinalagang panahon na. Ngayon maaaring ginipit ng mga tao si Josue, ang pinuno, at nagsabi, "Ang lupain ay atin, magsihayo tayo at kunin iyon. Josue, ikaw ay tapos na, siguro'y nawala na sa iyo ang iyong komisyon, wala ka nang kapangyarihan na dati–rati'y taglay mo. Dati–rati kang nakikinig sa Diyos at nalalaman ang kalooban ng Diyos, mabilis na kumikilos. May na mali sa iyo.' Subalit si Josue ay isang propetang isinugo ng Diyos at alam niya ang mga pangako ng Diyos, kaya naghintay siya sa mga iyon. Siya'y naghintay ng isang maliwanag na kapasyahan mula sa Diyos at nang ang panahon ay dumating upang kumilos, ay inilagay ng Diyos ang buong pamumuno sa mga kamay ni Josue sapagkat siya'y nanatili sa Salita. Napagkakatiwalaan ng Diyos si Josue ngunit

hindi ang iba. Kung kaya't iyon ay mauulit sa huling araw na ito. Ang gayon ding mga suliranin, ang gayon ding mga panggigipit.

Kunin natin ang halimbawa na ating nakikita kay Moises. Ang makapangyarihang propetang ito ng Diyos ay nagkaroon ng isang kakaibang kapanganakan, na naipanganak sa tamang panahon para sa pagliligtas sa binhi ni Abraham mula sa Egipto. Kailanma'y hindi siya namalagi sa Egipto upang makipagtalo sa Kasulatan sa kanila, ni nakipagtunggalian sa mga saserdote. Nagtungo siya sa ilang hanggang sa ang mga tao'y handa nang tanggapin siya. Tinawag ng Diyos si Moises sa ilang. Ang paghihintay ay hindi sa panig ni Moises kundi dahil sa mga tao na hindi handang tumanggap sa kanya. Akala ni Moises ay makauunawa ang mga tao ngunit sila'y hindi.

Pagkatapos ay nariyan si Elias kung kaninong ang Salita ng Panginoon ay dumating. Nang matapos siyang mangaral ng katotohanan at ang grupong iyon noon doon na siyang tagapagpauna ng Amerikanong Jezebel na grupo ay ayaw tumanggap ng Salita, ay inalis siya ng Diyos sa larangan at sinalot ang henerasyong iyon dahil sa pagtanggi sa propeta at sa mensahe na ibinigay ng Diyos. Tinawag siya ng Diyos sa ilang at ni

ayaw niyang lumabas patungo sa hari. Yaong mga nagpilit na gawin ang gayon, ay nangamatay. Ngunit ang Diyos ay nangusap sa Kaniyang matapat na lingkod sa pamamagitan ng pangitain. Mula sa pagtatago ay lumabas siya at dinalang muli ang Salita sa Israel.

Pagkatapos ay dumating si Juan Bautista, ang matapat na tagapagpauna ni Cristo, ang makapangyarihang propeta para sa kanyang panahon. Hindi siya pumasok sa paaralan ng kanyang ama, ni sa paaralan ng mga Fariseo — hindi siya nagpunta sa anomang denominasyon, kundi sa labas doon sa ilang ay tinawag doon ng Diyos. Doo'y nanatili siya hanggang sa isugo siya ng Panginoon na taglay ang mensahe, sumisigaw ng, 'Ang Mesias ay malapit na.'

Ngayo'y kumuha tayo rito ng isang babalang ayon sa Kasulatan. Hindi nga ba sa panahon ni Moises na siyang ganap na pinatunayan ng Diyos na si Kora ay naghimagsik at kinalaban ang makapangyarihang propetang iyan? Nakipagtalo siya kay Moises at nagpahayag na siya'y may ganoon din mula sa Diyos na pangunahan ang mga tao at sa karagdagan ang iba'y nakibahagi sa kapahayagang mula sa Diyos na gaya din naman ng ginawa ni Moises. Itinanggi niya ang awtoridad ni Moises. Ngayon ang mga tao naman

noon doon, pagkatapos na kanilang marinig ang tunay na Salita at naging lubos na nakakabatid sa katotohanan na ang isang tunay na propeta ay pinatunayan ng Diyos, sinasabi kong ang mga taong yaon ay nalinlang ni Kora at ng kanyang mga kasinungalingan. Si Kora ay hindi isang propeta ayon sa Kasulatan subalit ang malaking bilang ng mga tao kasama ng kanilang mga pinuno ay pumanig sa kanya. Gaano kawangis ng mga ebanghelista ngayon na taglay ang kanilang gintong guyang pamamaraang tulad ng kay Kora. Ang mga ito'y nagmistulang mabuti sa mga tao gaya ni Korang nagmistulang mabuti noon. Mayroon silang dugo sa kanilang mga noo, langis sa kanilang mga kamay at mga bolang apoy sa plataporma. Nagpapahintulot sila ng mga babaeng mangangaral, hinahayaan ang mga kababaihan na putulin ang kanilang buhok, magsuot ng pantalon at shorts, at iniwasan ang Salita ng Diyos para sa kanilang sariling mga kredo at mga dogma. Ipinakikita niyan kung ano'ng uri ng binhi ang nasa kanila. Ngunit hindi lahat ng mga tao'y sumalungat kay Moises at iniwan ang Salita ng Diyos. Hindi. Ang mga hirang ay nanatili sa kanya. Ganyan din ang nangyayari ngayon. Marami ang umiiwan sa Salita ngunit ang ilan ay nananatili rito. Ngunit alalahanin ang talinghaga ng trigo at mga

panirang damo. Ang mga panirang damo ay kinakailangang bigkisin para sa pagsusunog. Ang mga iglesyang tumalikod sa katotohanan ay binibigkis na nang papalapit nang papalapit, handa na para sa mga apoy ng paghuhukom ng Diyos. Subalit ang trigo ay titipunin sa Panginoon.

Ngayo'y nais ko kayong maging lubhang maingat dito at tingnan ito. Ipinangako ng Diyos na sa huling panahon ang Malakias 4 ay matutupad na. Kinakailangang gayon dahil iyon ay ang binigyang-buhay na Salita ng Espiritu ng Diyos na sinalita ng propeta Malakias. Tinukoy iyon ni Jesus. Iyon ay bago muna dumating si Christo sa ikalawang pagkakataon. Sa sandaling dumating si Jesus ay kinakailangang natupad na ang lahat ng Kasulatan. Ang dispensasyon ng Gentil ay pasasa huling kapanahunan ng iglesya nito kapag ang mensaherong iyan ng Malakias ay dumating. Siya'y magiging tumpak sa Salita. Kukunin niya ang buong Biblia mula Genesis hanggang Apocalipsis. Siya'y magsisimula sa binhi ng serpiyente at magpapatuloy hanggang sa mensahero sa huling ulan. Ngunit siya'y tatanggihan ng mga denominasyon.

Siya'y marapat lamang sapagkat iyan ay kasaysayang inuulit ang sarili nito mula sa

panahon ni Ahab. Ang kasaysayan ng Israel sa ilalim ni Ahab ay nagaganap mismo rito sa Amerika kung saan lumilitaw ang propeta ng Malakias. Tulad ng Israel na iniwan ang Egipto upang sumamba sa kalayaan, itinaboy ang mga katutubo, nagtatag ng isang bansang may dakilang mga pinunong tulad ni David atbp., at pagkatapos ay naglagay ng isang Ahab sa trono na may isang Jezebel sa likod niya upang magmando, ay gayon din na ating ginawa ang mismong ganoon din sa Amerika. Ang ating mga ninuno ay umalis para sa lupaing ito upang sumamba at mamuhay sa kalayaan. Itinaboy nila ang mga katutubo at kinamkam ang lupain. Ang mga dakilang lalaking tulad nina Washington at Lincoln ay pinalitaw ngunit pagkalipas ng sandali ay ibang lalaking may napakahinang kakayahan ang humalili sa mga karapat-dapat na mga lalaking ito na di-nagluwat ay isang Ahab naman ang inilagay sa pampanguluhang luklukan na may isang Jezebel sa likod niya upang magmando. Sa gayong panahong tulad nito na ang mensahero ng Malakias ay kinakailangang dumating. Pagkatapos sa huling ulan ay darating ang isang Bundok ng Carmel na sapilitang paglalantad. Masdan ito nang mabuti ngayon upang makita iyon sa Salita. Si Juan ang tagapagpauna ng Mal. 3. Itinanim niya ang

maagang ulan at tinanggihan ng mga organisasyon ng kanyang panahon. Si Jesus ay dumating at nagkaroon ng isang Bundok ng Pagbabagong-anyong sapilitang paglalantad. Ang ikalawang tagapagpauna ni Cristo ay maghahasik para sa huling ulan. Si Jesus ang magiging siyang sapilitang paglalantad sa pagitan ng mga denominasyon at mga kredo, sapagkat Siya'y darating upang pagtibayin ang Kaniyang Salita at kunin ang Kaniyang nobya sa pag-agaw. Ang unang sapilitang paglalantad ay ang Bundok ng Carmel; ang ikalawa ay ang Bundok ng Pagbabagong-anyo, at ang ikatlo ay magiging ang Bundok ng Sion.

Ang kakaibang asal ni Moises, Elias, at Juan na lumalayo sa mga tao patungo sa pagtatago ay nakapagpalito sa marami. Hindi nila naisip na iyon ay dahil sa ang kanilang mga mensahe ay tinanggihan. Ngunit ang binhi ay naihasik na, ang pagtatanim ay tapos na. Ang paghuhukom ang kasunod. Nagawa na nila ang kanilang layunin bilang isang tanda sa mga tao, kaya ang paghuhukom ang kasunod.

Ako'y naniniwala batay sa Apoc. 13:16 na ang nobya ay kailangang tumigil sa pangangaral sapagkat hinihingi ng hayop nang sapilitan ang tatak sa kamay o noo kung ang pahintulot na

mangaral ay ipagkakaloob. Tatanggapin ng mga denominasyon ang tatak, o mapipilitang huminto sa pangangaral. Pagkatapos ay darating ang Cordero para sa Kaniyang nobya at hahatulan ang dakilang patutot.

Ngayon tandaan na si Moises ay ipinanganak para sa isang tiyak na gawain, ngunit hindi niya magawa ang gawaing iyon hanggang sa tinanggap niya ang mga kaloob na makapagtutulot sa kanyang gawin ang gawain. Kinailangan niyang magtungo sa ilang at maghintay doon; ang Diyos ay may itinalagang panahon. Mayroong marapat maging isang Faraon sa luklukan, at ang mga tao ay kailangang nangagsisidaing para sa tinapay ng buhay, bago siya suguing pabalik ng Diyos. Ito ay totoo para sa ating panahon.

Subalit ano ang mayroon tayo dito sa ating panahon? Maraming tao ang gumagawa ng mga tanda hanggang sa mayroon na tayong isang henerasyon ng mga mapaghanap ng tanda na ang nalalaman ay kakaunti o wala tungkol sa Salita, o isang tunay na pagkilos ng Espiritu ng Diyos. Kung nakakakita sila ng dugo, langis o apoy ay masaya na sila; hindi mahalaga kung ano ang nasa Salita. Susuportahan nila ang anomang tanda, maging yaong mga hindi ayon sa

kasulatan. Ngunit binalaan na tayo ng Diyos tungkol diyan. Sinabi Niya sa Mat. 24 na sa mga huling araw ang dalawang espiritu ay magiging magkawangis na magkawangis na ang mga pinaka hirang lamang ang makakaalam ng pagkakaiba, sapagkat tanging sila ang hindi madadaya.

Papaano mo malalaman ang pagkakaiba ng mga espiritu? Bigyan lamang sila ng pagsubok ng Salita. Kung hindi nila ipinangungusap ang Salitang iyan, sila ay doon sa masama. Gaya ng paglinlang niyaong masama sa unang dalawang nobya, pipilitin niyang dayain ang nobya ng huling panahong ito, sa pamamagitan ng paghahalo ng kanyang sarili sa pamamagitan ng mga kredo, o pagtalikod lang nang payak mula sa Salita patungo sa anomang tandang naaangkop sa kanya. Ngunit kailanma'y hindi naglagay ang Diyos ng mga tanda na nauuna sa Salita. Ang mga tanda ay sumusunod sa Salita, tulad nang sabihin ni Elias sa babae na magluto muna ng isang tinapay para sa kanya, ayon sa Salita ng Panginoon. Nang gawin niya alinsunod sa sinabi ng Salita, ang tamang tanda ay dumating. Lumapit muna sa Salita at pagkatapos ay abangan ang himala. Ang binhing Salita ay binibigyang-lakas ng Espiritu.

Papaanong ang sinomang mensaherong isinugo mula sa Diyos ay makakapaniwala lamang ng isang bahagi ng Salita at itatanggi ang ilan sa mga ito? Ang tunay na propeta ng Diyos sa huling panahong ito ay magpapahayag ng buong Salita. Ang mga denominasyon ay mapopoot sa kanya. Ang kanyang mga salita ay maaaring kasing sakit pakinggan tulad ng kay Juan Bautista na tumawag sa kanila na mga ulupong. Ngunit ang mga itinalaga ay makikinig at maghahanda para sa pag-agaw. Ang Maharlikang Binhi ni Abraham, na may pananampalatayang katulad ng kay Abraham ay mananangan sa Salitang kasama niya, sapagkat sila'y magkakasamang itinalaga.

Ang mensahero sa huling panahon ay lilitaw sa itinakdang panahon ng Diyos. Ngayon ay huling panahon na gaya ng nalalaman nating lahat, sapagkat ang Israel ay naroon na sa lupang tinubuan. Anomang oras ngayon ay darating siya ayon kay Malakias. Kapag nakita natin siya, siya'y magiging lubos na matapat sa Salita. Siya'y ipapakilala (ituturo sa Salita. Apoc. 10,7.) at pagtitibayin ng Diyos ang kanyang ministeryo. Ipangangaral niya ang katotohanan tulad ng ginawa ni Elias at maghahanda para sa Bundok ng Sion na sapilitang paglalantad.

Marami ang magkakamali ng pagkaunawa sa kanya dahil sa kanila'y itinuro ang Kasulatan sa isang kung anong paraan na kanilang ipinapalagay na katotohanan. Kapag siya'y sumalungat diyan, ay hindi sila maniniwala. Maging ilan sa mga tunay na ministro ay magkakamali ng pagkaunawa sa mensahero sapagkat masyado nang marami ang tinawag na katotohanan ng Diyos sa pamamagitan ng mga mapanlinlang.

Subalit ang propetang ito ay darating, at gaya ng tagapagpauna sa unang pagdating na sumigaw ng, "Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan," gayon din naman ay walang pag-aalinlangang isisigaw niya, "Narito ang Cordero ng Diyos na dumarating sa kaluwalhatian." Gagawin niya ito, sapagkat gaya ng si Juan ay ang mensahero ng katotohanan sa mga hinirang, ay gayon din ang isang ito na huling mensahero sa mga hinirang at nobyang ipinanganak-ng-Salita."

(Sinipi mula *Sa isang Paglalahad ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia*)

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 USA

Copyright notice

All rights reserved. This book may be printed on a home printer for personal use or to be given out, free of charge, as a tool to spread the Gospel of Jesus Christ. This book cannot be sold, reproduced on a large scale, posted on any website other than www.branham.org, stored in a retrieval system, translated into other languages, or used for soliciting funds without the express written permission of Voice Of God Recordings®.

For more information or for other available material, please contact:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org